


**Abstract**

With an upper middle-class Davaoeño as a central character, the story touches on the kind of development the Duterte administration brings, especially in Mindanao. The general reader, perhaps now aware of the recent history of violence in Davao, should begin questioning whether the president is indeed a departure from Philippine elite democracy, or a mere recast of it from the so-called imperial Manila to the supposedly beleaguered south.

**Keywords**

COVID-19, Davao City, DDS, Mindanao, Land of Promise

**English title**

The Binisaya word *mino* has no direct English translation, but, based on the dictionary, means "[a] magic spell cast by supernatural being (n.); disorient (v.)."

# MINO

**JULIAN DELA CERNA**

*Ngunit ikaw ang dahilan kaya laging pinapatay,*
*Ang katulad nami'y tupang dinadala sa patayan.* (Mga Awit 44:22)

KULANG NA LANG iwan nila ang cotton swab sa loob ng kanyang bibig. Buong gabi kasing nangati ang kanyang lalamunan, at parang may nakasabit dito. May natitirang pisil, o kaya'y kumakapit na uhog, at pinipigilan niya ang sariling isinga ito o dumura man lang. Mahirap na ang mapagkamalang may sakit.

Praning na ang lahat. Siya mismo ay dinatnan ng pagkapraning magdamag, halos hindi makatulog sa loob ng napakalamig na tent kung saan kailangang hintayin overnight ang resulta ng test.

"Negative po, ser," sabi ng attendant na parang naka-space suit, at iniabot ang resulta kay Martin.

"Mabubuhay ako," pangiting sinabi ni Martin. "Sa panahon ngayon, okey ang maging nega." Tiningnan niya ang attendant.

Mukhang nag-iisip ang attendant sa susunod nitong sasabihin. "Congratulations," sabi niya.

"Kung wala akong mask ngayon makikita mo ang ngiti kong abot-tenga."

Tumango ang attendant at nanatiling nakatayo sa may pintuan.

"Ihahatid mo ba ako palabas?" sabi ni Martin. "Iba talaga sa Davao, ano? Libreng swab test na nga, may free food and accommodation pa. At ngayon, may escort pa. Full service kung full service. Teka mag-aayos lang ako ng gamit."

"Hindi po, ser. Kailangan ko lang ang extra copy." Tinuro ng attendant ang resulta. Dalawang kopya nga ang hawak-hawak ni Martin.

"Ay, sorry, sorry," sabay abot sa isa pang kopyang hawak niya. "Puwede na ba akong umalis? O matunaw?"

"Puwede na po." Lumabas ang attendant, may pagmamadali sa kanyang mga hakbang.

Kailangan ding magmadali ni Martin. Nag-ayos siya ng gamit. Itinuwid ang gusot ng kanyang T-shirt. Nagpagpag ng pantalon. Mula sa kabilang kuwartong nahahati lamang ng acrylic na canvas, maririnig ang kaluskos ng ibang nakasama sa flight.

"Pauwi na ako," mensahe niya sa kanyang mama.

"Praise the Lord. Magtaxi ka na lang, ha," paalala sa kanya. "GBU."

Nasa Gen San kasi ang kanilang family driver, na isinima ng kanyang papa sa pag-aasikaso ng negosyo. Walang ibang puwedeng sumundo sa kanya, dahil na rin sa protocol na mag-isolate ng dalawang linggo. At lampas animnapu na ang edad ng kanyang mga magulang, kaya mas natatakot siya para sa kanila, kahit na kakaunti na lamang ang mga kaso ng COVID-19 sa Davao.

Paglabas sa mga tent, naroon nga ang lalaking nakatabi sa eroplano. Hila-hila nito ang luggage at tila may hinahanap na naman. Napagtanto ni Martin na hindi sila nagkaroon ng pagkakataong magpalitan ng pangalan. Iniwasan niya ito ng tingin hanggang sa makalayo ito't dumiretso sa pila ng libreng sakay papuntang downtown.

Makikinabang ka rin pala sa serbisyo ng gobyerno, isip ni Martin, bago tumungo sa mga nakaparadang taxi sa labas ng airport.

Samot-sari ang kulay ng mga sasakyang nakahilera doon at parang mga banderitas sa isang pista. Walang silbi ang Grab dito sa Davao, dahil disiplinado maging ang mga tsuper ng taxi. Hindi sila nanggagantso ng mga pasahero. Balita dati, noong sinubukan ng iilang drayber na manloko

o kaya'y humingi ng karagdagang bayad, kesyo malayo ang destinasyon ng pasahero't may hinahabol na boundary, nanggalaiti sa galit na tumungo si meyor sa airport at hinanap sila upang gulpihin. Binalaan din niya sila sa kanyang lingguhang programa sa telebisyon hinggil dito. "Do not mess with me," sabi ni meyor. Simula noon, maingat na ang mga tsuper, nagbibigay ng eksaktong sukli, hanggang sa kapiso-pisohan, at humihingi pa ng dispensa kung walang maibigay na tamang sentimos.

Ligtas ang mga tagalungsod, iniahon ng lokal na pamahalaan mula sa krimen.

"Saan tayo, ser?" tanong ng taxi driver. May katandaan na ang mama, suot-suot ang kupas na berdeng uniporme ng kompanyang pinagtatrabahuhan.

"Magandang umaga. Sa Juna Subdivision," sabi ni Martin, at kampanteng naupo sa likuran. Nakatitiyak siyang bihasa na ang tsuper sa pagtunton sa lungsod. Malamang gamay na gamay na nito ang bawat sulok at shortcut, mga lugar na paminsan-minsang napupuntahan din ni Martin at ng kanyang mga kaibigan tuwing nagro-roadtrip, lalo na noong nasa hayskul at kolehiyo pa siya.

Malamig sa loob ng taxi. Mabango at mukhang bago ang upholstery ng mga upuan. Liban sa suot-suot na uniporme ng drayber. Inisip ni Martin na bigyan ito ng tip mamayang pagbaba niya.

Sa kinauupuan, nakakulob ang ingay na nagmumula sa labas. Sinubukan niyang hanapin ulit ang lalaking nakatabi sa eroplano, pero baka nakasakay na ito ng bus. Sumandal si Martin sa kinauupuan at pinagmasdan ang lungsod.

Walang nagbago sa mga tanawin. Nasa laylayan kasi ito ng lungsod, kaya mabagal ang pag-unlad. Mga nakahilerang bahay at tindahan, maliliit at malalaki. Mga bukana ng magiging de-guwardiyang subdivision. Ang kare-renovate na paaralan ni Pastor Quiboloy. Ang tanging pinagkaiba lamang ay ang mga kakaunting sasakyan sa kalye. Bago magkapandemya, naggigitgitan ang mga sasakyan sa Diversion Road. Pati ang mga pedestrian, buwis-buhay na tumatawid kahit na may overpass sa kabilang kanto. Ito ang bubungad sa mga galing-airport. Nasa kabilang bahagi ng lungsod naman, sa J. P. Laurel Avenue, ang mga mall at opisina. Sana kumaliwa ang drayber at dumaan na lang doon, imbes na baybayin ang buong haba ng Diversion Road. Hindi rin naman trapik sa downtown, kaya tantiya niyang maluwag ang highway.

Sa malayo, may taong nakatayo sa tabi ng daan, naka-backpack na dilaw at parang nag-aabang ng masasakyan. Napatigil si Martin at pinagmasdan ito habang dinaanan ng taxi. Hindi niya mamukhaan. Imposible rin namang iyon ang nakatabi sa eroplano, dahil kitang-kita ng kanyang dalawang mata ang pagsakay nito sa pampublikong bus.

"Kilala n'yo?" tanong ng drayber.

"Hindi po." Iniwasan ni Martin tingnan ang drayber sa rearview mirror.

"Ikaw ang unang pasahero ko ngayong araw. Kaninang alas-singko pa ako nakapila sa airport."

"Nagpaparinig ba kayo ng tip?"

"Naku, hindi po. Sinasabi ko lang. Sorry kung 'yon ang dating sa inyo."

"Nagbibiro lang din po ako," sabi ni Martin.

"Dati, mga ganitong oras," patuloy ng drayber, "nakakatatlo o apat na akong pasahero."

"Takot pa bumiyahe ang mga tao. Buti nakakaraos naman?"

"Kahit papaano. Lahat naman siguro tayo apektado."

Sinang-ayunan ito ni Martin, habang nakadikit pa rin ang paningin sa labas. Tama nga naman. Lahat apektado, mahirap man o mayamam, kayang patayin ng virus. "Buti na lang si Digong ang naging presidente natin. Kung iba pa, ewan ko na lang."

Tahimik lamang ang drayber.

May tao ulit sa tabi ng daan, naka-backpack na dilaw at parang nag-aabang ng masasakyan. Napaayos si Martin sa pagkakaupo at liningon ang lalaking nadaanan. Magkamukhang-magkamukha ito sa lalaking nag-aabang din kanina, kung *magkamukha* ang tamang salitang gagamitin. Tanging hugis ng isang mukha ang nababanaag niya. Siguro natatabunan ng sombrero, o ng aninong nagmumula sa gusali sa likuran. Hindi na nga sigurado si Martin kung nakasombrero nga ba ang lalaki.

Pagkaraan ng ilang sandali, nasa masukal na bahagi na sila ng Diversion Road. At tanging katahimikan na lamang ang pumapagitan sa kanya at ng drayber. Maging ang ingay sa labas naglaho na't napalitan ng ugong ng makina at pagkalog ng sasakyan. Magkahalong pamilyar at hindi ang bahaging ito ng daan. Paano ba't mga puno at damuhan na lamang ang nakikita, liban sa mangilan-ngilang bahay na gawa sa maninipis na kahoy.

Walang imik, itinabi ng drayber ang taxi.

*

Napansin na niya ang lalaki sa boarding gate. Nakasombrero't may backpack, hawak-hawak nito ang boarding pass habang lumalapit sa mga airline personnel upang kausapin. Kapansin-panin ang lalaki dahil sa backpack nitong dilaw na matingkad. Halatang bago. Siguro binili sa sandamakmak na mga sale buhat ng pandemya. Sa loob ng eroplano, nakita ulit ni Martin ang lalaki. Dumiretso ito sa tabihan niya, iniangat ang bagahe, at pilit itong ipinasok sa compartment sa itaas. Halatang hirap ang lalaki, at humahaba na ang pila sa aisle. Mga lima o sampung minuto rin ang lumipas nang nagpasya si Martin na tulungan ito, sa kabila ng kanyang kabang mahawaan ng sakit. Habang itinutulak papasok ang bagahe, inestima ni Martin ang bilang ng mga virus na nalanghap niya, lumusot sa face shield at face mask.

"Salamat." Naupo silang dalawa. Bagama't may bakanteng upuang pumapagitan sa kanila at umuugong na ang makina ng eroplano, maiging nagkakarinigan pa rin ang dalawa. Hinalughog ng lalaki ang backpack at nag-abot ng bote ng alcohol. "Mahirap na baka may virus ako."

Malamig ang alcohol sa kanyang mga kamay. "Dagdag ligtas points din kay Lord ang ginawa ko. First time mong umuwi?"

Umoo ang lalaki. Sa QC siya nakatira at nagpalipas ng lockdown.

"Sa BGC lang din ako buong lockdown. Dapat may flight na ako sa April, for the summer, pero, 'yon, naabutan ng ECQ."

"Muntikan ko ngang ma-miss ang flight. Matagal-tagal na ring hindi nagawi sa airport."

"Kailan ba huling balik mo?"

"Mga tatlong taon din," sagot ng lalaki. "When I got to the airport, parang nalula ako. Nagpaikot-ikot. Parang may isang landas lang akong sinundan, tapos doon ako pabalik-balik. What I did next—you won't believe this—pumasok ako sa CR para magbaliktad ng damit." Natabunan man ng face mask, mababanaag ang ngiti sa mukha ng katabi. Ang tono animo'y nagsasalaysay ng isang nakamamanghang kuwento.

"Para saan?"

"Hindi mo alam 'yong namino? Ito 'yong maliligaw ka kahit kabisado mo na ang daan. Winawala ka ng mga espiritu ba o maligno, di ko na matandaan. Tapos baliktarin mo lang shirt mo, and you'll find your way back."

Masyado naman itong mapagpaniwala. "Bakit naman nila gagawin 'yon?"

Kibit-balikat ang lalaki. "Trip lang siguro."

"Nagdasal ka na lang sana." Nang di umimik ang lalaki, dagdag ni Martin, "At nahanap mo ang ating boarding gate pagkatapos."

"And I lived happily ever after. Well, in the meantime, until I catch the virus here." Tinuro niya ang dumadaming pasahero ng eroplano. Lahat tahimik na tumungo sa kanilang mga upuan, suot-suot ang iba't ibang disenyo ng face shield at face mask, habang tinutulungan ang iba ng mga flight attendant na nakaasul na PPE. Sa ilalim ng puting usok na sumisingaw mula sa mga aircon vent, nagmistula itong eksena sa isang post-apokalipsis na pelikula.

"Buti na lang si Digong president natin," sabi ni Martin. "Kung si Leni pa ang nasa posisyon, ewan ko na lang."

Matagal-tagal bago sumagot ang katabi. "Bakit mo nasabi iyan?"

"Kasi nakaka-survive tayo kahit papaano. Kung hindi, nakurakot na lahat ng pondo ng Liberal Party."

"Di ba may mga hinahanap na pondo rin ngayon? Sa PhilHealth, halimbawa."

"Mali-liquidate 'yan. Nagkagulo-gulo lang siguro dahil sa dami ng inaasikaso."

"Paano kung sesantehin ni Duterte si Gierran, magbabago ba ang inyong opinyon?"

Doon nabanaag ni Martin ang pagsisising dadalhin niya hanggang pag-uwi. Kahit kapwa taga-Davao, magkaiba sila ng pananaw sa pamahalaan. Humantong ang kanilang usapan sa isang mainit na pagtatalo—tungkol sa kawalan ng disiplina ng mga taga-Maynila kaya lumolobo ang bilang ng mga kaso, tungkol sa nanuot nang kultura ng korapsyon sa gobyerno kaya imposibleng masugpo ito ni Digong, hanggang umabot sila sa death squad at kung paano hindi ito nasolusyunan ang problema ng lungsod.

"Payag ka sa patayan?" sabi ng lalaki.

"E ano kasi ang dapat gawin?" sagot ni Martin.

"Bawas ligtas points 'yon kay Lord."

Bagama't biro, kumulo ang dugo ni Martin. Happy thoughts, happy thoughts, sabi niya sa sarili. Sarado na ang utak ng mga ganitong tao. Subalit di pa rin mapigilan ni Martin ang isumbat ang hinggil sa mga nagawa ng meyor. At sa bawat sumbat niya, may tugon ang lalaki. Hanggang sa lumingon na ang iilang pasahero sa kanila. Napatingin maging ang mga flight attendant. Kung may lalapit sa kanila, tiyak na magrerequest si Martin na ilipat sa ibang seat. Pero hinayaan lamang sila.

May ibang mga bagay na dapat asikasuhin, mga bagay na mas mahalaga. Halimbawa, ang siguraduhing ligtas ang kanilang biyahe.

Pero putak nang putak ang lalaki. Tungkol sa mga kontradiksiyon umano ng gobyerno. Mga pangakong napako. Tanging pagmamayabang lamang ang alam. *Taga-Davao ka ba talaga,* nais isumbat ni Martin.

"Nandito ka na, di ba?" ang tanging nasabi niya. "Baliktad pa rin ang damit mo."

*

Lumingon-lingon si Martin, subalit nasa gitna yata sila ng kawalan. Walang ibang tao sa mahaba't malawak na daan. Kung may mga sasakyang dumadaan man, harurot ang mga ito lampas sa kanila. Nilabas niya ang cellphone, binuhay ito, at napaisip kung alin sa mga app siya hihingi ng tulong—Facebook ba o Twitter? Maaari din siyang mag-dial ng 911. Nang tiningnan ang cellphone, wala palang signal.

"Kuya, ano pong problema?" sabi na lang niya. Mamamatay na ba ako?

Nakatunganga lamang ang drayber, malalim yata ang iniisip.

Tanginang buhay 'to. Ngayon pa yata naisipang magnilay ni kuya sa buhay.

Pagkaraan ng iilang napakahabang segundo, sabi ng drayber, "Nawawala tayo, ser."

"Ha? Akala ko alam mo ang daan."

"Alam ko po."

"O, ba't sabi mong nawawala tayo."

"Nawawala nga tayo."

"Mag-drive ka na lang." Sinubukang buksan ni Martin ang Google Maps. Tumambad sa screen ang asul na bilog na kumikislap sa puting kawalan. Shit, isip niya, bago sinara ulit ang cellphone. Baka may signal sa di-kalayuan.

"Lalo tayong mawawala." Nakatingin sa labas ang drayber na tila may inaabangan.

"Kaysa naman dito tayo abutin ng gabi. In Jesus's name!"

Tumingin ang drayber sa rearview mirror. Tiningnan siya sa mata. Wala itong ekspresyon sa mukha. "Mauubusan tayo ng gas. Pagkatapos ano? Maglalakad ka pauwi?"

Gago ka pala, e. Pinigilan ni Martin ang suminghal. Ibinaba niya ang bintana, ibinaba ang mask, at dumura. Nang maramdamang hindi pa

sapat iyon, humagod siya bago isinga ang uhog sa kanyang lalamunan. O baka nanigas na laway lamang ito.

Walang katao-tao sa kanilang pinaradahan. Subalit dama niyang may laman ang katahimikang bumabalot. May nagmamasid. Maaaring nakatago ito sa likod ng mga puno, nag-aabang sa tamang pagkakataong dakmain sila. Dali-dali niyang isinara ang bintana.

"Mag-mask ka," utos ng drayber.

Parang tupa namang sumunod si Martin.

Naghubad ng damit ang drayber, binaliktad ito bago isinuot muli.

Ano na namang katarantaduhan ito.

"Baliktarin mo rin sa'yo."

"Ikaw lang po sana. Ikaw naman ang magmamaneho."

Humarap sa kanya ang drayber mula sa kinauupuan, para bang mananapak ito. Humigpit ang pagkakahawak ni Martin sa cellphone. "Baliktarin mo," ulit ng ulupong.

"Hindi." Subalit taksil ang boses niya. Mahina ang nagawang pagtutol, nag-aalinlangan. Takot.

"Hindi ka makakauwi." Nag-isip nang ilang sandali, bago niya idinagdag, "Hindi tayo makakauwi."

Kung hindi lang natuloy ang ama niya sa Gen San, naging maayos sana ang biyahe niya. Binasa niya ang malaking ID na nakasabit sa may dashboard, isinaulo ang pangalan ng drayber. *Makakatikim ka*.

Kahit hindi na meyor si Digong, Duterte pa rin ang namamalakad sa lungsod. Isang tawag lang sa City Hall hinggil sa insidente ngayon, matatapos din ang kayabangan ng hayop na ito. Sisiguraduhin niyang walang ibang kompanya na kukuha sa drayber. Matanda na rin ito. Walang ibang alam gawin kundi ang magmaneho. Ilan kayang kapamilya ang umaasa sa kinikita nito araw-araw sa pagpapasada? Asawa, anak, apo? Sila pa naman iyong tipong buong angkan ang umaasa lamang sa iisang breadwinner.

"Hindi ako naniniwala sa ganyan," sabi ni Martin. "Kuya, bumalik na po kayo sa pagmamaneho. Hindi ko kayo isusumbong, basta ihatid n'yo lang po ako."

Nakatutok sa kanya ang drayber. "Baliktarin mo," sabi nito.

*

Hindi niya maintindihan bakit trapik sa Bajada nang ganoong oras. Magtatanghali na nang nakarating sila sa bandang bahaging iyon ng

lungsod. Nakahinga nang maluwag si Martin nang lumiko pakaliwa sa Bacaca Road ang sinasakyang taxi. Sa wakas, pamilyar na ang bagay-bagay. Pero ngayon, halos di na sila umusad mula sa kanto, at nakatayo sa di-kalayuan ang mall kung saan nagbabalak siyang bumaba at sumakay ng ibang taxi.

Tahimik lamang siya sa kabuuan ng biyahe pagkatapos baliktarin ang damit, at hinayaan ang drayber na tuntunin muli ang tamang daan.

"Hintayin mo na lang papa mo sa Victoria Plaza," text ng kanyang mama. "Dumating na sila galing Gen San. Sabi niya kanina nasa Panacan na sila."

"Sinabihan mo siya tungkol sa nangyari sa akin?"

"Oo. Kumpare niya ang may-ari ng kompanya. Kakausapin namin."

"Sumbong na rin natin kay meyor."

"Kay meyor kaagad?"

"Unjust vexation ang ginawa sa akin."

"Basta, bumaba ka na sa Victoria. Trapik pa rin ba? Baka may banggaan."

Mabagal ang usad ng mga sasakyan, at walang laman ang kabilang kalye. Marahil mahaba rin ang pila sa katapat nito. Kung tutuusin, kaya nang lakarin ni Martin papuntang mall, pero may bagahe kasi siya sa trunk. May mga gulong man ang luggage, mahihirapan pa rin siya dahil sa lubak-lubak na sidewalk.

Walang imik pa rin ang drayber. Hindi man lang nagtangkang humingi ng dispensa, bagkus tuloy-tuloy lang ito sa pagmamaneho. Di bale, hindi rin naman niya ito papatawarin. Parang nagmamadali pa yatang paaalisin nito si Martin sa kanyang malamig at komportableng taxi, na hindi naman niya pagmamay-ari.

Usad-pagong man, natanaw na rin malaon ang sanhi ng bagal na trapiko. May sasakyang nakatigil sa unahan. Nakabarikada ito ng yellow tape, basag ang mga salamin sa harap. Kumikinang ang mga bubog sa sementong highway na parang diyamanteng isinaboy ng Diyos. Walang yupi ang kaha ng sasakyan, at walang ibang sasakyang nakatigil upang ipahiwatig ang isang banggaan. Wala ring motor na nakatumba. At higit sa lahat, nakikilala ni Martin ang sasakyan. Asul na Trailblazer.

At sa tabi ng daan, sa may waiting shed na malapit sa aksidente—*crime scene*!—nakatayo ang lalaking nakasombrero't backpack. Nakatingin ito kay Martin, at mababanaag ang galak sa mukha.

"Ma, ano nga plate number ni papa?" text niya, subalit tila hihintayin niya ang sagot hanggang sa walang-hanggan.

Balisa si Martin. Hinawakan ang lock ng pinto, tiningnan kung nakaangat pa ba ito, tinitiyempuhan ang pagbaba. Pero nasa gitna sila ng kalsada, at may auto sa tabi niya. Kung tutuusin, wala siyang dapat ikakaba. Marangal na nagnenegosyo ang kanyang pamilya.

Nilingon niya ulit ang lalaki sa waiting shed. Naroon pa rin ito, nagmamasid. Baka siya ang hitman, binalikan ang pinangyarihan ng krimen upang siguraduhing pulido ang trabaho. Patay kung patay. O baka pangitain pala ang lahat, at hindi nagawa ni Martin magbigay-babala sa kanyang ama. Kaya sila naligaw. Kaya agaw-pansin ang taong nakatayo kanina pa. Hindi niya nakita, habang paikot-ikot sila sa Diversion Road.

Nakalapit na ang taxi. Ang drayber sa harapan, lingon nang lingon kay Martin mula sa rearview mirror. Ano ba kasi't di mapakali ang pasahero, inaabangan ang pagdaan ng taxi sa nakatigil na SUV. Sa harap, may pulis na nagsesenyas na tumuloy na ang mga sasakyang kay babagal umusad. Maging ang pulis, sa naglalagablab na araw, ay parang pagod nang nakatayo roon.

Sa loob ng SUV, may lalaking nakayuko sa driver's seat, napipigilan ng seatbelt ang pagbulusok sa manibela. Sa tabi nito ang pasaherong bulagta. Duguan ang noo nitong namumulaklak ng sumabog na utak. Dilat ang mga matang nakatingin sa harap, tila namamangha, sa huli nitong mga sandali, sa mga bagong gusaling itinayo sa lungsod—ang smart condo katabi ng Victoria Plaza, ang Seda Hotel at Abreeza Mall sa di-kalayuan, ang LED billboard na buong-araw nagpapatalastas ng mga kung ano-anong produkto.

Matapos siyasatin ang pasahero, napaupong muli si Martin. Gusto niyang dumura, pero nasa downtown na sila. Maraming tao.

Tumunog ang kanyang cellphone. Si Mama, bakit daw tinatanong ang plate number.

"Wala," sagot ni Martin. "Baka magkamali lang ng sakay."